Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyong Isla ng Negros
SANGAY NG NEGROS ORIENTAL
Siyudad ng Dumaguete

Enero 14, 2016

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg. 22 ,s. 2016

IKATLONG MARKAHANG PAGSASAGAWA NG PASALITANG PAGBASA (ORV) PARA SA IKA- 2 - 10 NA BAITANG

PARA SA : Mga Superbisor ng Programang Edukasyon
Mga Tagamasid ng Purok

MULA SA : LELANIE T. CABRERA, CESE
Tagapangasiwa ng Dibisyon

1. Ipinapaalala ng opisinang ito ang pagsasagawa ng Ikatlong Markahang Pasalitang Pagbasa (ORV) na gagawin sa buwan ng Enero 15-22, 2016.

2. Kalakip ng memorandum na ito ang mga sipi ng babasahing papel para sa baitang 2 hanggang baitang 10.

3. Inaasahan ang pagsumite ng pandistritong resulta nito ngayong ika-29 ng Enero 2016 gamit ang mga pormang ipinamigay ng dibisyon. Hinihikayat ang lahat na sundin ang mga panuntunan sa pagsasagawa ng pasalitang pagbasa.

4. Karagdagan, tinatawagang pansin ang mga DSS sa Filipino o koordineytor na dadalo sa konperensya ng mga DSS sa Filipino/koordineytor ngayong ika-22 ng Enero 2016 na gaganapin sa dibisyon na magsisimula sa bandang ika-8 ng umaga.

5. Malawak at maagap na desiminasyon ng memorandum na ito ay nais.

LELANIE T. CABRERA, CESE
Tagapangasiwa ng Dibisyon

LTC/raj

15 JAN 2016

PILING SIPI NG PASALITANG PAGBASA SA FILIPINO
BAITANG 2 – IKATLONG MARKAHAN

Pagganyak: Ano ang natatangi ninyong talento? Paano mo ito pinamamalas? Alamin natin sa talata ang kayang gawin ni Gracie.

Kaya Ko Rin!

Araw ng Sabado. Nasa sala ang mag-anak at nanood ng telebisyon. Lumapit si gracie kay Lola Lita.

Gracie : Lola, sino po iyang umaawit?
Lola Lita : Siya si Sarah Geronimo.
Gracie : Ang husay po niya. Nais ko pong maging tulad niya.
Lola Lita : Maganda ang boses mo, apo. Kaya mo iyan. Kailangan lamang ng ibayong pagsasanay.
Gracie : Paano po?
Lola Lita : Sumali ka sa samahan sa pagkanta.
Gracie : Sige Lola, gagawin ko po ang mga iyan. Kaya ko pong kumanta.

Bilang nga mga salita : 72

Mga tanong:

Literal

1. Sino ang nasa sala?
   Sagot: *Ang mag-anak*
2. Ano ang gingawa ng mag-anak?
   Sagot: *Nanonood ng telebisyon*
3. Sino ang lumapit kay Lola Lita?
   Sagot : *Si Gracie*

Pagpapakahulugan

4. Ano sa palagay mo ang mangyayari kung susundin ni Gracie ang payo ng lola niya?
   Sagot: *Magiging mahusay siya sa pag-awit.*
5. Bakit sinabi ng Lola na maaari siyang maging katulad ni Sarah Geronimo?
   Sagot: *Dahil maganda ang boses niya, kailangan lamang magsanay.*

Paglalapat

6. Ano ang gagawin mo sa talentong mayroon ka?
   Maaaring sagot:
   * *Ipakikita ko po sa lahat*
   * *Sasali po ako sa mga palatuntunan*
   * *Gagamitin ko po sa mabuti*

   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

7. Maliban sa sinabi ni Lola Lita, ano pa ang kailangan upang maging mahusay na mang-aawit?
   Maaaring sagot:
   * *Mag-aral ng tamang pag-awit.*
   * *Magsanay lagi sa bahay.*

   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

BABASAHING PAPEL PARA SA IKA- 2 BAITANG
IKATLONG MARKAHAN

Kaya Ko Rin!

Araw ng Sabado. Nasa sala ang mag-anak at nanood ng telebisyon. Lumapit si gracie kay Lola Lita.

Gracie : Lola, sino po iyang umaawit?

Lola Lita : Siya si Sarah Geronimo.

Gracie : Ang husay po niya. Nais ko pong maging tulad niya.

Lola Lita : Maganda ang boses mo, apo. Kaya mo iyan. Kailangan lamang ng ibayong pagsasanay.

Gracie : Paano po?

Lola Lita : Sumali ka sa samahan sa pagkanta.

Gracie : Sige Lola, gagawin ko po ang mga iyan. Kaya ko pong kumanta.

Bilang nga mga salita : 72

PILING SIPI NG PASALITANG PAGBASA SA FILIPINO
BAITANG 3 – IKATLONG MARKAHAN

Pagganyak: Ano ang alaga mong hayop? Paano mo ito inaalagaan?

Tayo na sa Manukan

Maagang ginising ni Rona ang nakababatang kapatid.

"Gising na , Roy! Mamumulot tayo ng itlog sa manukan," sabi nito.
"Naku, ganito pala mangitlog ang mga manok mo, Ate. Ang dami! Gusto ko ring mag-alaga ng mga manok," natutuwang sabi ni Roy.

"Sigi, tuturuan kita. Halika, ibigay na natin kay Inay itong mga itlog. Masarap itong almusal, " wika ni Rona.

Bilang ng mga salita: 59

Mga Tanong:

Literal

1. Sino ang may alagang manok?
   Sagot: *Si Rona*
2. Ano ang pamagat ng kwento?
   Sagot: *Tayo na sa Manukan*
3. Kanino ibibigay ang mga itlog?
   Sagot: *Kay Inay*

Pagpapakahulugan

4. Ano kaya ang naramdaman ni Roy habang namumulot ng mga itlog?
   Maaaring sagot:
   * *Natuwa*
   * *Nagulat*
   * *Namangha*
   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

5. Bakit kaya maaga silang naguha ng itlog ng mga manok?
   Maaraing sagot:
   * *May gagawin pa silang ibang trabaho*
   **Dahil papasok pa sila sa paaralan*
   * *Dahil baka may ibang makakuha ng mga itlog*
   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

Paglalapat

6. Paano kaya ang wastong pag-aalaga ng manok?
   Maaaring sagot:
   * *Bibigyan ng pagkain*
   * *Paiinumin*
   * *Lilinisin ang kulungan*
   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

7. Ano-ano ang pakinabang sa pag-aalaga ng manok?
   Maaaring sagot:
   * *Maaaring ipagbili kung marami na ito*
   * *Maaaring ipagbili ang mga itlog nito*
   * *Magandang libangan ito*
   * *Maaari itong gawing hanapbuhay*
   * *Maaaring ulam ang manok o mga itlog nito*
   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

BABASAHING PAPEL PARA SA IKA- 3 BAITANG
IKATLONG MARKAHAN

Tayo na sa Manukan

Maagang ginising ni Rona ang nakababatang kapatid.

"Gising na , Roy! Mamumulot tayo ng itlog sa manukan," sabi nito.

"Naku, ganito pala mangitlog ang mga manok mo, Ate. Ang dami! Gusto ko ring mag-alaga ng mga manok," natutuwang sabi ni Roy.

"Sigi, tuturuan kita. Halika, ibigay na natin kay Inay itong mga itlog. Masarap itong almusal, " wika ni Rona.

Bilang ng mga salita: 59

PILING SIPI NG PASALITANG PAGBASA SA FILIPINO
BAITANG 4 – IKATLONG MARKAHAN

Pagganyak: Ano-ano ang mga aklat na iyong binabasa?

Nais Kong Bumasa

Sabik na binasa ni Lorena ang "Alamat ng Bigas na Itim."

Tatay : Ano ang binasa mo? Bakit nakakunot ang noo mo?
Lorena : Kayo pala, Tatay. Ang ganda nitong alamat, kaya lang may dalawang salita po rito na hindi ko maintindihan.
Tatay : Ano ang mga salitang yan?
Lorena : " Paglalayag" at "daluyong" po. Ano po ang ibig sabihin ng mga ito? Paano ko po ito malalaman?
Tatay : Kunin mo ang ating diksyunaryo. Dito mo makikita ang kahulugan ng mga salitang nais mong malaman.
Lorena : Talaga po? Matagal ko na pong itong nakikita. Hindi ko po alam na ganito ito kahalaga. Tatay, nais ko pong bumasa ng iba't ibang aklat!
Tatay : Halika, anak, marami pang aklat na mapagkukunan ng kaalaman. Alam ko malapit na rin itong ituro ng inyong guro. Ganito 'yan...

Bilang ng mgs salita: 124

Mga Tanong:

Literal

1. Anong alamat ang binasa ni Lorena?
   Sagot: *Alamat ng Bigas na Itim*
2. Sino ang tumulong kay Lorena upang malaman ang kahulugan ng "paglalayag" at "daluyong?
   Sagot: *Si Tatay*
3. Ano ang aklat na pinakuha ni Tatay?
   Sagot: *Diksyunaryo*

Pagpapakahulugan

4. Anong uri ng ama ang tatay ni Lorena?
   Maaaring sagot:
   * *Maaalalahanin*
   * *Mabait*
   * *Matalino*
   * *Matulungin*
   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

5. Paano pinahahalagahan ni Lorena ang kanyang pag-aaral?
   Maaaring sagot:
   * *Naghahanap siya ng paraan upang magkaroon ng kasagutan sa mga bagay na di niya alam.*
   * *Masigla niyang ginagawa ang kanyang mga takdang gawain.*
   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

Paglalapat

6. Ano ang iyong gagawin kung may mga salitang hindi mo maiintindihan sa kwentong iyong binasa?
   Maaring sagot:
   * *Hahanapin ko ang mga kahulugan nito.*
   * *Ipagpapatuloy ko ang ang aking pagbabasa.*
   * *Magtatanong ako.*
   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

7. Paano mo tutularan ang ugali ni Lorena sa pag-aaral?
   Maaaring sagot:
   * *Magiging masipag din akong mag-aaral*
   * *Palagi rin akong magbabasa*
   * *Mag-aaral akong mabuti*
   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

BABASAHING PAPEL PARA SA IKA- 4 BAITANG
IKATLONG MARKAHAN

Nais Kong Bumasa

Sabik na binasa ni Lorena ang "Alamat ng Bigas na Itim."

Tatay : Ano ang binasa mo? Bakit nakakunot ang noo mo?

Lorena : Kayo pala, Tatay. Ang ganda nitong alamat, kaya lang may dalawang salita po rito na hindi ko maintindihan.

Tatay : Ano ang mga salitang yan?

Lorena : " Paglalayag" at "daluyong" po. Ano po ang ibig sabihin ng mga ito? Paano ko po ito malalaman?

Tatay : Kunin mo ang ating diksyunaryo. Dito mo makikita ang kahulugan ng mga salitang nais mong malaman.

Lorena : Talaga po? Matagal ko na pong itong nakikita. Hindi ko po alam na ganito ito kahalaga. Tatay, nais ko pong bumasa ng iba't ibang aklat!

Tatay : Halika, anak, marami pang aklat na mapagkukunan ng kaalaman. Alam ko malapit na rin itong ituro ng inyong guro. Ganito 'yan...

Bilang ng mgs salita: 124

PILING SIPI NG PASALITANG PAGBASA SA FILIPINO
BAITANG 5 – IKATLONG MARKAHAN

Pagganyak: Maraming sakit ang lumaganap tuwing tag-ulan. Anong sakit ang dulot ng kagat ng lamok tuwing tag-ulan?

Iwas-Dengue

Malaki ang nagagawa ng kalinisan ng kapaligiran sa kalusugan ng tao. Ang mga nakatambak na basura, marurumi at madidilim na sulok, mga naipong tubig-ulan, at mga baradong kanal ay ang mga lugar na pinamumugaran ng mga insekto at hayop na may dalang mikrobyo na nagdudulot ng sakit.

Isa na rito ang sakit na dengue na mabilis na lumalaganap tuwing panahon ng tag-ulan. Ito ay nagmumula sa kagat ng lamok na kung tawagin ay cede aegypti. Ang uri ng lamok na ito ay sa araw nangangagat. Nangingitlog ito sa malilinis at nakapirming tubigan. May guhit na itim at puti sa katawan ang lamok na ito.

Maraming paraan upang maiwasan ang sakit na dengue. Panatilihing may takip ang anumang lalagyan ng tubig. Tanggalina ang mga bagay sa paligid na maaaring imbakan ng tubig-ulan tulad ng mga lumang gulong, bote, o lata. Linisin ang mga baradong alulod ng bahay. Palitan din araw-araw ang mga tubig sa plorera upang hindi mamahay ang mga lamok dito. Walisan ang lahat ng sulok ng bahay at kapaligiran.

Bilang ng mga salita: 171

Mga Tanong:

Literal

1. Anong sakit ang mabilis na lumalaganap tuwing tag-ulan?
   Sagot : *Sakit na dengue o dengue fever*
2. Anong uri ng lamok ang pinagmulan ng sakit na dengue?
   Sagot: *Aedes aegypti*
3. Ano ang itsura ng lamok na ito?
   Sagot: *May guhi na itim at puti sa katawan*

Pagpapakahulugan

4. Bakit dapat tanggalin ang mga bagay sa paligid na maaaring imbakan ng tubig-ulan?
   Maaaring sagot:
   * *Dahil dito nangingitlog ang mga lamok*
   * *Dahil ginagawa itong tirahan ng mga lamok*
   * *Dahil naiipon ang tubig sa mga ito*
   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

5. Paano nagdudulot ng sakit ang maruming kapaligiran?
   Maaaring sagot:
   * *Namamahay dito o pinamamahayan ito ng mga insekto at hayop na may dalang mikrobyo.*
   * *Dito nakatira ang maruruming hayop at insekto*
   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

6. Bakit lumaganap ang sakit na dengue tuwing tag-ulan?
   Maaaring sagot:
   * *Dahil gusto ng mga lamok ang mga mamasa-masang lugar para pag-itlugan*

* *Dahil ito ang panahon ng kanilang pangingitlog o pagpaparami*
* *Dahil sa panahong ito maraming tubig-ulan ang naiipon sa paligid*

Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

Paglalapat

7. Ano ang gagawin mo upang maiwasan ang sakit na dengue?

   Maaring sagot:
   * *Maglilinis ako ng kapaligiran*
   * *Aalisin ko ang mga lumang gulong, bote, at lata na maaaring imbakan ng tubig-ulan*
   * *Lilinisn ko ang mga baradong alulod*
   * *Papalitan ko ng ang tubig ng plorera araw-araw*
   * *Lalagyan ko ng takip ang mga imbakan ng tubig*

   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

8. Sa paanong paraan mo malilinis ang iyong kapaligiran?

   Maaaring sagot:
   * *Ipagbibili ko po ang mga bote at lata.*
   * *Tataniman ko po ng halaman ang mga lumang gulong*
   * *Wawalisan ko po ang mga sulok at paligid ng bahay*
   * *Itatapon ko po sa basurahan ang mga dumi at kalat*
   * *Mag-i-ispray po ako ng pamatay-kulisap/insekto*
   * *Lalampasuhin ko po ang mga sementadong sahig.*

   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

BABASAHING PAPEL PARA SA IKA- 5 BAITANG
IKATLONG MARKAHAN

Iwas-Dengue

Malaki ang nagagawa ng kalinisan ng kapaligiran sa kalusugan ng tao. Ang mga nakatambak na basura, marurumi at madidilim na sulok, mga naipong tubig-ulan, at mga baradong kanal ay ang mga lugar na pinamumugaran ng mga insekto at hayop na may dalang mikrobyo na nagdudulot ng sakit.

Isa na rito ang sakit na dengue na mabilis na lumalaganap tuwing panahon ng tag-ulan. Ito ay nagmumula sa kagat ng lamok na kung tawagin ay cede aegypti. Ang uri ng lamok na ito ay sa araw nangangagat. Nangingitlog ito sa malilinis at nakapirming tubigan. May guhit na itim at puti sa katawan ang lamok na ito.

Maraming paraan upang maiwasan ang sakit na dengue. Panatilihing may takip ang anumang lalagyan ng tubig. Tanggalina ang mga bagay sa paligid na maaaring imbakan ng tubig-ulan tulad ng mga lumang gulong, bote, o lata. Linisin ang mga baradong alulod ng bahay. Palitan din araw-araw ang mga tubig sa plorera upang hindi mamahay ang mga lamok dito. Walisan ang lahat ng sulok ng bahay at kapaligiran.

Bilang ng mga salita: 171

PILING SIPI NG PASALITANG PAGBASA SA FILIPINO
BAITANG 6 – IKATLONG MARKAHAN

Pagganyak: Bakit tinatawag na puno ng buhay ang niyog? Alamin ang kasagutan sa babasahin mong sipi na nasa kahon.

Puno pa rin ng Buhay

Kapansin-pansin sa ating kapaligiran ang mga punong niyog. Kahit saang panig ng ating bansa, may makikita tayong mga puno ng niyog. Ang niyog ay tinaguriang puno ng buhay. Ang mga bahagi nito mula ugat hanggang dahon ay napakikinabangan. Ang laman ng niyog ay ginagawang buko salad, buko pie, coconut cake, kendi, at minatamis, sabon, toothpaste, kosmetik, barnis, tinta, krudong langis, at iba pa. Natuklasan ni Dr. Eufemio Macalalag, Jr.., isang urologist na ang pag-inom ng sabaw ng buko araw-araw ay kidney ng isang tao. Nadiskubre rin niya na nakatutulong ang araw-araw na pag-inom nito para maiwasan ang pagkabuo ng bato sa daanan ng ihi (urinary tract). Ginagamit din itong pamalit ng dextrose.

Natuklasan pa na mas maraming protina ang nakukuha sa gata ng niyog kaysa sa gatas ng baka. May 2.08 porsiyento ng protina ang gata samantalang 1.63 porsiyento lamang ang sa gatas ng baka. Ang langis ng niyog ay nagagamit din bilang preservative, lubricant, pamahid sa anit, at iba pa.

Ang bulaklak ng niyog ay ginagawang suka at alak. Ang ubod naman ay ginagawang atsara, sariwang lumpiya, at panghalo sa mga lutuing karne o lamang dagat. Ang ugat nito ay ginagamit pang panlunas sa iba't ibang karamdaman.

Bilang ng mga salita: 218

Mga Tanong:

Literal

1. Ano ang tinaguriang puno ng buhay?
   Sagot: *Niyog*

2. Anong bahagi ng niyog ang ginagawang buko pie?
   Sagot: *Laman ng niyog*

3. Ilang porsyento ng protina ang makukuha sa gata ng niyog?
   Sagot: *2.08 porsiyento*

Pagpapakahulugan

4. Bakit tinaguriang puno ng buhay ang niyog?
   Maaaring sagot:
   * *Dahil lahat ng bahagi nito mula ugat hanggang dahon ay napakikinabangan*
   * *Dahil maraming pakinabang ang mga bahagi ng niyog*
   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

5. Bakit kaya ginagamit ang sabaw ng niyog bilang pamalit sa dextrose?

Maaaring sagot:
* *Dahil ito ay malinis*
* *Dahil di na kailangang pakuluan pa ito*
Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

6. Paano kaya ginagamit ang ugat ng niyog bilang panlunas sa iba't ibang karamdaman?
   Maaarings agot:
   * *Niluluto bilang tsaa*
   * *Tinatapal*
   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

Paglalapat

7. Sa palagay mo, ano ang pinakamahalagang bahagi ng niyog? Bakit?
   Maaaring sagot:
   * *Laman, dahil marami itong gamit*
   * *Sabaw, dahil maaari itong pamalit sa dextrose*
   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

8. Ano ang maaari mong gawin upang makinabang sa niyog?
   Maaaring sagot:
   * *Magtitinda ng buko*
   * *Uminom ng sabaw nito*
   * *Gawing buko pie, cake, kendi, at iba pa ang laman*
   Tanggapin ang iba pang katulad na mga sagot.

BABASAHING PAPEL PARA SA IKA- 6 BAITANG
IKATLONG MARKAHAN

Puno pa rin ng Buhay

Kapansin-pansin sa ating kapaligiran ang mga punong niyog. Kahit saang panig ng ating bansa, may makikita tayong mga puno ng niyog. Ang niyog ay tinaguriang puno ng buhay. Ang mga bahagi nito mula ugat hanggang dahon ay napakikinabangan. Ang laman ng niyog ay ginagawang buko salad, buko pie, coconut cake, kendi, at minatamis, sabon, toothpaste, kosmetik, barnis, tinta, krudong langis, at iba pa. Natuklasan ni Dr. Eufemio Macalalag, Jr.., isang urologist na ang pag-inom ng sabaw ng buko araw-araw ay kidney ng isang tao. Nadiskubre rin niya na nakatutulong ang araw-araw na pag-inom nito para maiwasan ang pagkabuo ng bato sa daanan ng ihi (urinary tract). Ginagamit din itong pamalit ng dextrose.

Natuklasan pa na mas maraming protina ang nakukuha sa gata ng niyog kaysa sa gatas ng baka. May 2.08 porsiyento ng protina ang gata samantalang 1.63 porsiyento lamang ang sa gatas ng baka. Ang langis ng niyog ay nagagamit din bilang preservative, lubricant, pamahid sa anit, at iba pa.

Ang bulaklak ng niyog ay ginagawang suka at alak. Ang ubod naman ay ginagawang atsara, sariwang lumpiya, at panghalo sa mga lutuing karne o lamang dagat. Ang ugat nito ay ginagamit pang panlunas sa iba't ibang karamdaman.

Bilang ng mga salita: 218

PILING SIPI NG PASALITANG PAGBASA SA FILIPINO

BAITANG 7 - IKATLONG MARKAHAN

Napagkamalan

Isang araw ng Linggo'y nagtungo ako sa Maynila at namimili ng libro. Natagalan ako sa paghahanap ng mga aklat na kailangan ko sa pag-aaral sapagkat napakaraming namimili. Isa pang dahilan ay masyadong masalimuot ang daloy ng trapiko at parang prusisyon ang usad ng mga sasakyan. Ginabi tuloy ako ng pag-uwi.

Habang naglalakad patungo sa amin naulinigan ko ang mga yabag na papalapit sa akin. Bigla akong kinabahan. May taong sumusunod sa akin, naisaloob ko. Lumingon ako't nakita ko nga ang isang lalaki.

Noon di'y kumaripas ako ng takbo, ngunit mabilis din ang ginawang pagtakbo ng lalaki. Pagkaraa'y tumawid ako ng daan at natanaw ko nang nakasindi ang ilaw sa aming bahay. Walang anu-ano'y bigla na lamang akong sinuggaban ng lalaki.

"Sabi ko na't anak ka ni Kapitan,e," anang lalaki at napangiti ito. "kaya kita hinabol ay upang ibigay ang librong ito na nalimutan mo sa dyip."

At ako'y nagtaka at nasiyahan sa nangyari. "Marami pong salamat," nasabi ko na lamang. "Napakabuti po ninyo."

Mga tanong:

1. Ano ang ginawa ng nagsasalaysay isang araw ng Linggo?
2. Bakit siya natagalan sa pagbili ng aklat?
3. Bakit gayon na lamang ng kanyang takot ng pauwi na siya?
4. Paano siya nakilala ng lalaki?
5. Ano ang pakay nito sa kanya?
6. Kung ikaw ang nasa katayuan ng nagsasalaysay, matatakot ka rin bang tulad niya/ ano ang dapat mong isipin o gawin?
7. Kung ikaw naman ang nakapulot sa isang bagay, paano mo ipapakita ang iyong kagandahang loob?

BABASAHING PAPEL PARA SA IKA- 7 BAITANG
IKATLONG MARKAHAN

Napagkamalan

Isang araw ng Linggo'y nagtungo ako sa Maynila at namimili ng libro. Natagalan ako sa paghahanap ng mga aklat na kailangan ko sa pag-aaral sapagkat napakaraming namimili. Isa pang dahilan ay masyadong masalimuot ang daloy ng trapiko at parang prusisyon ang usad ng mga sasakyan. Ginabi tuloy ako ng pag-uwi.

Habang naglalakad patungo sa amin naulinigan ko ang mga yabag na papalapit sa akin. Bigla akong kinabahan. May taong sumusunod sa akin, naisaloob ko. Lumingon ako't nakita ko nga ang isang lalaki.

Noon di'y kumaripas ako ng takbo, ngunit mabilis din ang ginawang pagtakbo ng lalaki. Pagkaraa'y tumawid ako ng daan at natanaw ko nang nakasindi ang ilaw sa aming bahay. Walang anu-ano'y bigla na lamang akong sinuggaban ng lalaki.

"Sabi ko na't anak ka ni Kapitan,e," anang lalaki at napangiti ito. "kaya kita hinabol ay upang ibigay ang librong ito na nalimutan mo sa dyip."

At ako'y nagtaka at nasiyahan sa nangyari. "Marami pong salamat," nasabi ko na lamang. "Napakabuti po ninyo."

PILING SIPI NG PASALITANG PAGBASA SA FILIPINO
GRADE 8 – IKATLONG MARKAHAN

Bakit Kaya?

Tanghali na nang siya ay umuwi. Sa daan pa lamang, bago siya pumasok sa tarangkahan ay natanaw na niya ang kanyang anak na dalaga na nakapamintana sa kanilang barung-barong. Nakangiti ito at siya ang pinagmamasdan, ngunit nang malapit na siya at Makita ang dala ay napangunot-noo, lumingon sa loob ng kabahayanan at may tinawag. Sumungaw ang payat na mukha ng kanyang asawa.

"Saan ka kumuha ng ipinamili mo niyan, Nana?" ang sabi ng kanyang anak na gagraduate.
"E...e," hindi magkandatutong sagot ni Aling Marta. "aan pa kundi sa aking pitaka.
Nagkatinginan ang mag-ama.

"Ngunit Marta," ang sabi ng kanyang asawa," ang pitaka mo'y naiwan mo! Kaninang bago ka umalis ay kinuha ko iyon sa bulsa ng iyong bestidang nakasabit at kumuha ako ng pambili ng tabako, pero nakalimutan kong isauli. Saan ka kumuha ng ipamili mo niyan?

Biglang-bigla, anaki'y kidlat na gumuhit sa karimlan, nagbalik sa gunita ni Aling Marta ang larawan ng isang batang payat, duguan ang katawan at natatakpan ng diyaryo, at para niyang naririnig ang mahina at gumagaralgal na tinig nito: "Maski kapkapan ninyo ako e wala kayong makukuha sa 'kin." Saglit siyang natigilan sa pagpanhik sa hagdanan; para siyang pinapangapusan ng hininga at sa palagay ba niya ay umiikot ang kanyang buong paligid; at bago siya tuluyang nawalan ng ulirat ay wala siyang narinig kundi ang papanaog na yabag ng kanyang asawa't anak, at ang papaliit at lumalabong salitang: Bakit kaya?

-Mula sa "Ang Kalupi" ni Benjamin P. Pascual)

TUNGO SA PAG-UNAWA

1. Anong bagay na naiwan ni Aling Marta?
2. Saan kaya siya kumuha ng ipinamili sa palengke?
3. Bakit biglang nagunita ni Aling Marta ang batang payat at duguan ang katawan?
4. Bakit siya nawalan ng malay?
5. Kung ikaw ang batang nabintangang nagnakaw ng pitaka ni Aling Marta, ano ang gagawin mo sa harap ng pulis at maraming tao?
6. Nang natuklasan mo ang katotohanang naiwan pala ang pitaka mo sa bahay, babalikan mo ba ang bata? Bakit?

BABASAHING PAPEL PARA SA IKA- 8 BAITANG
IKATLONG MARKAHAN

Bakit Kaya?

Tanghali na nang siya ay umuwi. Sa daan pa lamang, bago siya pumasok sa tarangkahan ay natanaw na niya ang kanyang anak na dalaga na nakapamintana sa kanilang barung-barong. Nakangiti ito at siya ang pinagmamasdan, ngunit nang malapit na siya at Makita ang dala ay napangunot-noo, lumingon sa loob ng kabahayanan at may tinawag. Sumungaw ang payat na mukha ng kanyang asawa.

"Saan ka kumuha ng ipinamili mo niyan, Nana?" ang sabi ng kanyang anak na gagraduate.

"E...e," hindi magkandatutong sagot ni Aling Marta. "aan pa kundi sa aking pitaka.

Nagkatinginan ang mag-ama.

"Ngunit Marta," ang sabi ng kanyang asawa," ang pitaka mo'y naiwan mo! Kaninang bago ka umalis ay kinuha ko iyon sa bulsa ng iyong bestidang nakasabit at kumuha ako ng pambili ng tabako, pero nakalimutan kong isauli. Saan ka kumuha ng ipamili mo niyan?

Biglang-bigla, anaki'y kidlat na gumuhit sa karimlan, nagbalik sa gunita ni Aling Marta ang larawan ng isang batang payat, duguan ang katawan at natatakpan ng diyaryo, at para niyang naririnig ang mahina at gumagaralgal na tinig nito: "Maski kapkapan ninyo ako e wala kayong makukuha sa 'kin." Saglit siyang natigilan sa pagpanhik sa hagdanan; para siyang pinapangapusan ng hininga at sa palagay ba niya ay umiikot ang kanyang buong paligid; at bago siya tuluyang nawalan ng ulirat ay wala siyang narinig kundi ang papanaog na yabag ng kanyang asawa't anak, at ang papaliit at lumalabong salitang: Bakit kaya?

-Mula sa "Ang Kalupi" ni Benjamin P. Pascual)

PILING SIPI NG PASALITANG PAGBASA SA FILIPINO
BAITANG 9 – IKATLONG MARKAHAN

Pagtitiwala sa Dakilang Lumikha

Nakakatulong ang pagtitiwala sa Dakilang Lumikha sa pagbabago ng pisikal, mental at pangmoral na kalusugan sa isang tao.

Ilang tao na masasabing magaling, may natural na abilidad at may mataas na karunungan ang nabigo sa buhay nang bigyan ng pananagutan samantalang ang mahihina, na hindi maganda ang pinagmulang kapaligiran ay siya pang natamo ng tagumpay sa buhay. Ang lihim ng una ay pagtitiwala sa sariling kakayahan samantalang ang ikalawa ay umasa at nanalig sa Dakilang Lumikha na bigyan siya ng patnubay at lakas na magampanan ang tungkulin na iniatang sa kanya.

Sa pamamagitan ng maayos na pamumuhay at pagsunod sa kalooban ng Dakilang Lumikha, ang buong buhay mo ay mababago. Pagkakalooban tayo ng pambihirang lakas ng Panginoon kung marunong tayong sumunod sa kanyang kapangyarihan.

Isang tunay, matatag at maayos na pamumuhay ang ipagkakaloob sa atin kung iaalay natin sa Kanya ang ating buhay.

Mga tanong:

1. Tungkulin ba ng bawat tao na sumunod sa kagustuhan ng Dakilang Lumikha?
2. Naniniwala ka ba sa kasabihang "Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa"?
3. Bakit kailangang taimtim ang pagtitiwala sa Dakilang Lumikha?
4. Gaano kahalaga na magtiwala sa Dakilang Lumikha?
5. Paano mapapatunayan ang maayos na pamumuhay ay maipagkakaloob sa iyo ng Panginoon?
6. May sapat ka bang paniniwala na magampanan ang mga tungkulin na iniaatang sa iyo bilang isang tao?
7. Paano pinatunayan sa akda na ang taong mahina ay nagmula sa hindi magandang kapaligiran?
8. Paano nakakatulong ang pagtitiwala sa Dakilang Lumikha?

BABASAHING PAPEL PARA SA IKA- 9 BAITANG
IKATLONG MARKAHAN

Pagtitiwala sa Dakilang Lumikha

Nakakatulong ang pagtitiwala sa Dakilang Lumikha sa pagbabago ng pisikal, mental at pangmoral na kalusugan sa isang tao.

Ilang tao na masasabing magaling, may natural na abilidad at may mataas na karunungan ang nabigo sa buhay nang bigyan ng pananagutan samantalang ang mahihina, na hindi maganda ang pinagmulang kapaligiran ay siya pang natamo ng tagumpay sa buhay. Ang lihim ng una ay pagtitiwala sa sariling kakayahan samantalang ang ikalawa ay umasa at nanalig sa Dakilang Lumikha na bigyan siya ng patnubay at lakas na magampanan ang tungkulin na iniatang sa kanya.

Sa pamamagitan ng maayos na pamumuhay at pagsunod sa kalooban ng Dakilang Lumikha, ang buong buhay mo ay mababago. Pagkakalooban tayo ng pambihirang lakas ng Panginoon kung marunong tayong sumunod sa kanyang kapangyarihan.

Isang tunay, matatag at maayos na pamumuhay ang ipagkakaloob sa atin kung iaalay natin sa Kanya ang ating buhay.

PILING SIPI NG PASALITANG PAGBASA SA FILIPINO
BAITANG 10 – IKATLONG MARKAHAN

Alam n'yo hindi lamang ang mga Kristiyano ang may binyag? Aba'y hindi patatalo ang mga Muslim. Pagislam- iyan ang pinaniniwalaang pagbibinyag ng mga Muslim.

Tatlo ang uri ng seremonyang panrelihiyon na napapaloob ditto. Ang unang seremonya ay ginagawa, ilang oras pagkapanganak. Allah ang unang salitang naririnig ng sanggol.

Ang ikalawang seremonya ay panggunting o pegubad, ginawa ito 7 araw pagkapanganak. Naghahandog ng salu-salo ng pasasalamat ang mga magulang.

Ikatlo at huling seremonya ay ang pagislam. Ginawa kung ang bata ay nasa pagitan ng 7 hanggang 10ntaon. Tampok na Gawain sa seremonyang ito ang pagtutuli, ginawa ito upang alisin ang dumi ng isang pag-aari na isinagawa sa banal na araw ng mga Muslim.

Mga Tanong:

1. Ano ang pinaniniwalaang pagbibinyag ng mga Muslim?
2. Ano ang pinababatid ng may-akda sa bumabasa?
3. Paano ginagawa ang unang seremonya ng pagbibinyag?
4. Ano ang tampok na Gawain sa ikatlo at huling seremonya ng pagislm?
5. Alin sa palagay mo ang mas higit na pinaniniwalaan ng mga Kristiyano?
6. Ano kaya ang mangyayari sakaling hindi naihandog sa Diyos ang bata?

BABASAHING PAPEL PARA SA IKA- 10 BAITANG
IKATLONG MARKAHAN

Alam n'yo hindi lamang ang mga Kristiyano ang may binyag? Aba'y hindi patatalo ang mga Muslim. Pagislam- iyan ang pinaniniwalaang pagbibinyag ng mga Muslim.

Tatlo ang uri ng seremonyang panrelihiyon na napapaloob ditto. Ang unang seremonya ay ginagawa, ilang oras pagkapanganak. Allah ang unang salitang naririnig ng sanggol.

Ang ikalawang seremonya ay panggunting o pegubad, ginawa ito 7 araw pagkapanganak. Naghahandog ng salu-salo ng pasasalamat ang mga magulang.

Ikatlo at huling seremonya ay ang pagislam. Ginawa kung ang bata ay nasa pagitan ng 7 hanggang 10ntaon. Tampok na Gawain sa seremonyang ito ang pagtutuli, ginawa ito upang alisin ang dumi ng isang pag-aari na isinagawa sa banal na araw ng mga Muslim.